



Tungkol Saan ang Modyul Na Ito?

Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang anyo ng panitikang naglalarawan sa kulturang Filipino. Sa modyul na ito, makikilala mo ang ilan sa mga katutubong panitikan sa Pilipinas na nakasulat sa Filipino. Ilalarawan dito ang tanyag na mga halimbawa ng kuwentong-bayan, maikling kuwento o katha, sanaysay, tula, dula, nobela, at iba pa.

Isa-isang ilalahad sa modyul na ito ang iba't ibang anyo ng panitikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagpaparinig ng mga akdang binibigyang-buhay sa iskrip na panradyo, malilinig ang kakayahan mo sa pakikinig. Sa pamamagitan rin ng pagbibigay ng pagkakataon sa iyo na basahin ang isang uri ng panitikan, masasagot mo ang mga katanungan ukol dito.

Ang modyul na ito ay nahahati sa apat na aralin. Ito ay:

Aralin 1 – *Ang Panitikang Filipino – Isang Panimulang Aralin*

Aralin 2 – *Mga Anyong Patula*

Aralin 3 – *Mga Anyong Patuluyan*

Aralin 4 – *Mga Anyong Patuluyan Pa Rin at Anyong Patanghal*



Anu-ano ang mga Matututuhan Mo Sa Modyul Na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang:

- ◆ makikilala mo ang iba't ibang anyo ng katutubong panitikang Filipino;
- ◆ maipaliliwanag mo ang katangian ng bawat isa; at
- ◆ maipakikita mo ang pagpapahalaga sa iba't ibang anyo ng panitikang nabanggit sa pamamagitan ng masusing pakikinig at pagbabasa ng mga halimbawa ng bawat isa.



Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan upang malaman mo kung ano na ang alam mo sa mga paksang tatalakayin dito.

I. 1. Ano ang dalawang paraan ng pag-uuri ng panitikang Filipino?

a. _____

b. _____

2. Ayon sa anyo, ang panitikan ay nahahati sa tatlong uri. Ito ay ang:

II. Basahin ang mga impormasyon sa bawat bilang at sagutin ang mga tanong ukol dito. Isulat ang titik ng wastong sagot sa patlang.

- _____ 1. “O pagsintang labis ang kapangyarihan
Sampung mag-aama’y iyong nasasaklaw
Pag ikaw ang nasok sa puso ninuman
Hahamakin ang lahat masunod ka lamang.”
- a) tula
 - b) talumpati
 - c) talata
 - d) parabula
- _____ 2. Ito’y mahabang salaysay na sumasaklaw sa sumusunod na mga sangkap: tauhan, lugar, balangkas at mga pangyayari. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy dito?
- a) talumpati
 - b) epiko
 - c) nobela
 - d) awit at korido
- _____ 3. Ito’y mga kuwentong bayan na ang mga tauhan sa kuwento ay mga hayop na kalimitan ay kapupulutan ng aral. Ano ito?
- a) nobela
 - b) epiko
 - c) pabula
 - d) elehiya
- _____ 4. Ito ang maapoy na nobelang sinulat ni Dr. Jose Rizal laban sa mga Kastila.
- a) Noli Me Tangere
 - b) Kahapon, Ngayon at Bukas
 - c) Doctrina Christiana
 - d) A Fly in a Glass of Milk
- _____ 5. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa isang pagpapahayag ng kuru-kuro o opinyon ng mga akda?
- a) sanaysay
 - b) alamat
 - c) nobela
 - d) parabola

- III. Isulat mo sa patlang kung ang anyo ng sumusunod na uri ng panitikan ay kuwentong bayan, tula, talumpati, dula, maikling katha o sanaysay.

1. **Ang Panday**

Kaputol na bakal na galing sa bundok,
Sa dila ng apoy, kanyang pinalambot;
Sa isang pandaya'y matyagang pinukpok
At pinagkahugis sa nasa ng loob.

Walang anu-ano'y naging kagamitan,
Araro na pala ang bakal na iyan;
Ang mga bukiri'y payapang binungkal,
Nang magtaniman na'y masayang tinamnan.

Anyo: _____

2. **Leron Leron Sinta**

Leron, leron sinta, buko ng papaya
Dala-dala'y buslo, sisidlan ng bunga
Pagdating sa dulo, nabali ang sanga
Kapus kapalaran, humanap ng iba.

Halika na neneng, tayo'y manampalok
Dalhin mo ang buslo, sisidlan ng hinog
Pagdating sa dulo'y lalamba-lambayog
Kumapit ka, Neneng, baka ka mahulog.

Anyo: _____

3. **Mabangis na Kamay — Maamong Kamay**

Nagising kay Battling Kulas ang simbuyo ng isang kamalayan, na tila siya nagtatayo ng bantayog ni Kamatayan na habang kinakapal sa luwad ay nagkakahugis sa katotohanan. Kaya malimit na mawala siya sa pagmamasid sa kanyang anak, sa di-mawaring pagkabahala sa dinaranas na buhay nito, sa pagtitining sa kanyang kalooban na makabuo ng isang pasiya kung nararapat sa simbuyo ng kamalayang iyon.

Mainit na ang sikat ng araw. Naghahakot ng basura ang kanyang anak sa tambakan sa may puno ng tulay. Itinuon niya ang kanyang paningin sa mukha at katawang naliligo sa nangingitim na pawis at sa malalapad na paang bahagya nang maangat sa lupa samantalang hila-hila ng bata ang isang malaking tiklis ng basurang nag-iiwan ng nag-aalimpuyong alikabok.

Naghiyawan ang ilang batang naglalaro sa pampang ng ilug-ilugan.
“Arya Ito! Arya Ito.... Sumayaw ka, Arya Ito! Kumanta ka, Arya Ito!
Ayaw mooo? Eto ‘yo... Pak!Pak!” at inulan si Arya Ito ng pukol.

Anyo: _____

4. **Laging May Bituin**

Isang tala o malaking bituin ang nagsabog ng liwanag na naging patnubay ng tatlong Haring Mago buhat sa Silangan upang matunton ang sabsabang sinilangan ng sanggol na magiging “Hari ng mga Hari.”

Sa paglalakbay sa disyerto, ang mga Arabe o Israelita ay tumitingala tuwina sa mga bituin upang di sila maligaw ng landas sa patutunguhan.

Sa gitna ng karimlan, kung ang buwan ay sakmal ng mga ulap, waring ang mga bituin ang tanging nagbibigay-liwanag at sa gayo’y pumapawi sa karimlang nakaambang maghari sa kalooban ng tao. Ngunit may mga gabi ring maging ang mga bituin ay ayaw pakita o ikinukubli ng mga ulap. Gayunman, hindi nawawala ang ating panalig na ang mga bituin ay naroon pa rin – sa likod ng mga ulap.

Anyo: _____

5. **Bagong Pag-asa**

Ang istorya ay nangyari sa panahong takipsilim doon sa may gawing iyon ng Tondo sa Maynila.

Sa entresuwelong inuupahan nina Mang Doro, ang dingding ng bahay ay inunat na karton ng gatas. Isang bangkong mahaba ang nasa tabi ng nag-iisang bintana sa kanan ng tanghalan. Isang maliit na mesang nagsisilbing kainan at dalawang bangko sa magkabilang panig ng mesa ang makikita sa kaliwa ng tanghalan. Nasa ibabaw ng mesa ang isang gaserang aandap-andap na liwanag.

Mula sa loob ng bahay ay maririnig ang malakas at makapangyarihang tinig ni Gng. Bondoc habang ito ay nakapamaywang.

Gng. Bondoc: Kung hindi kayo makababayad nang buo, mabuti pang maghanap kayo ng malilipatan. Ba! Kahit ganito ang paupahan ko, e, maraming mag-uunahan sa pag-upa rian.

Aling Senyang: Nakikiusap lamang naman po kami. Kung hindi po maaari e mangungutang kami para maibigay ang kapupunan.

Gng. Bondoc:	Wala akong pakialam ano man ang gawin ninyo. Ang mahalaga'y bayaran ninyo nang buo ang upa. Treinta pesos, kakalahatiin pa. Aba! Nasaan naman ang kunsensiya ninyo?
Aling Senyang:	Bukas ho e papupuntahin ko ang tao ko sa inyo nang maibigay ang kapupunan.
Gng. Bondoc:	A, talagang dapat! Pag wala kayong maibigay, hanggang bukas na lamang kayo rito. (maggamamadalang lalabas ng bahay)

Anyo: _____

Ihambing ang inyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling. Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang maragdagan ang iyong kaalaman.

Kung may mali sa iyong mga sagot, huwag mabahala. Pag-aralan ang modyul upang maintindihan ang paksa nito. Buksan sa susunod na pahina para sa unang aralin.

Ang Panitikang Filipino – Isang Panimulang Aralin

Mahilig ka bang makinig ng mga drama o balagtasang? Mahilig ka rin bang manood ng mga pelikula? Alam mo bang ang drama, balagtasang at pelikula ay mga anyo ng panitikan?

Ang panitikan sa kasalukuyan ay natutunghayan sa madalian at magandang paraan dahil sa kaunlaran sa teknolohiya. Ang mga awit ay naitatala sa tape recorder at compact disk (CD) at naisasaplaka ang mga tula. Ang mga maikling kuwento ay napapakinggan sa radyo at naisasatelebisyon naman ang mga dula. Ang mga nobela naman ay naisasapelikula.

Alam mo ba na noong unang panahon, ang ating mga ninuno ay mahilig din sa panitikang Filipino? Paano kaya nila naipakita ang kanilang pagkahilig sa panitikan?

Ang araling ito ay magmumulat sa iyo sa panitikang Filipino. Bagama't ito'y isang napakalawak na larangan, sa araling ito'y malalaman no ang dalawang paraan ng pag-uuri ng panitikan. Matututuhan mo rin ang tatlong uri ng panitikan ayon sa anyo.



Basahin Natin Ito

Ang panitikang Filipino ay isang napakalawak na larangan. Napapangkat ito sa dalawang paraan ng pag-uuri: ang una ay ayon sa paghahalin at ang pangalawa ay ayon sa anyo.

Ang panitikan ayon sa paghahalin

Ayon sa paghahalin, ang panitikan ay napapangkat sa dalawa. Ang una ay sa paraan ng paglilipat ng dila o bibig. Ang paraang ito ay tinatawag na *pasalindila*. Ito ay nangyari noong unang panahon sa dahilang ang mga ninuno natin noon ay hindi pa maalam sa sistema ng pagsulat kaya puro pabigkas lamang ang paraan na kanilang ginagamit. Paulit-ulit nilang pinapakinggan hanggang sa matanim sa kanilang isip ang mga tula, awit o nobela. Kadalasan, nagtitipun-tipon sila upang makinig ng mga kuwento, dula, awit at tula. Sa palagian nilang pakikinig at pagbigkas, naisasalin ito hanggang sa susunod na henerasyon.



Ang pangalawang uri ng panitikan ayon sa paghahalin ay ang *pasalinsulat*. Nangyari ito noong panahong natutuhan na ng ating mga ninuno ang alpabeto. Ang mga panitikan ay isinulat o inukit at ginuhit sa balabak ng kahoy o mga dahun-dahon. Nang dumating ang mga Kastila, dala nila ang imprenta. Sa pamamagitan ng paglilimbag, ang ilan sa mga katutubong panitikan ay naimprenta at napag-ingatan ngunit ang karamihan ay di-naitala hanggang sa tuluyan nang nakalimutan at nawala.

Sa kasalukuyan, dahilan sa mabilis na pag-unlad ng mga kagamitang elektroniko, ang pamamaraan ng paghahalin ng panitikan sa pamamagitan ng pasalinsulat ay unti-unting napapalitan na. Sa gamit ng mga tape recorder, plaka, VHS tapes, at disk sa computer, darating ang araw na ang mga aklat ay halos hindi na mabubuklat. Ang bagong paraan ng paghahalin na ito ay matatawag na *pansalintroniko*.



Subukan Natin Ito

Sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang tawag sa paraan ng paghahalin ng panitikan sa pamamagitan ng dila o bibig? _____
2. Sino ang nagdala ng imprenta dito sa ating bansa? Ano ang kahalagahan ng imprenta sa ating panitikan?

3. Sa kasalukuyang panahon, anu-anong makabagong paraan ng paghahalin ng panitikan ang karaniwang ginagamit? Makabubuti ba ito o hindi?

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pp. 45–46. Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot. Kung ganoon, magaling. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng modyul na ito.



Basahin Natin Ito

Ang panitikan ayon sa anyo

Ayon sa anyo, ang panitikan ay nahahati sa tatlong uri. Ito ang patula, patuluyan at patanghal.

Ang panitikan ay nasa anyong patula kung ito ay saknungan na ang bawat taludturan ay maaaring may bilang o sukat ang mga pantig at may magkakasintunog o magkakatugmang pantig sa hulihan. Maaari rin naman itong malaya at wala ang mga katangiang unang nabanggit.

Patuluyan naman ang anyo ng panitikan kung tulad lamang sa pang-araw-araw na takbo ng pagsasalita o mga kaisipan ang paglalahad. Sa halip na pasaknong ang mga taludtod, ito ay patalata.

Ang panitikan ay patanghal kung ito'y isinasadula sa entablado, sa bahay, o sa bakuran o kahit na sa daan o saanman. Ito'y maaaring patula o patuluyan, dahil maaaring ang diyalogo nito ay nasusulat sa alinman sa dalawang anyo. Ang panitikan sa pagtanghal na kaanyuan ay hindi nagiging ganap hangga't hindi ipinapalabas o isinasagawa sa tanghalan o dulaan. Salitaan ang pagkakasatitik nito. Maaaring magkaroon ng tatlo, dalawa o isang yugto na ang bawat yugto ay binubuo ng tagpo. Noong unang panahon, sa moro-moro ang tagpo ay tinatawag na *kuwadro*.



Subukan Natin Ito

Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang tatlong uri ng panitikan ayon sa anyo?

- a) _____
- b) _____
- c) _____

2. Ano ang pagkakaiba ng bawat isa?

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46. Kung tamang lahat ang iyong sagot, magaling. Kung hindi naman, basahing muli ang aralin bago tumuloy sa susunod na aralin.



Tandaan Natin

- ◆ Ang panitikang Filipino ay napapangkat sa dalawang paraan ng pag-uuri – ayon sa paghahalin at ayon sa anyo.
- ◆ Batay sa paghahalin, ang panitikan ay pasalindila kung ito ay napaghalin-halin sa pamamagitan ng bibig o dila. Ito’y nangyari noong unang pahanong wala pang sistema ng pagsusulat.
- ◆ Ang paghahalin ay naging pasalinsulat simula nang matuto na ng alpabeto ang ating mga ninuno. Unang isinulat nila ang mga panitikang Filipino sa mga balabak ng kahoy at mga dahon-dahon nito. Nang dumating ang mga Espanyol, dala nila ang imprenta at naitala ang ilan sa mga panitikan ngunit ang karamihan ay tuluyan nang nakalimutan.
- ◆ Sa makabagong panahon ngayon at dahil sa pag-unlad ng kagamitang elektroniko, ang paraan ng paghahalin ng panitikan ay unti-unting nababago sa pamamagitan ng mga tape rekorder, VHS tape, at disk sa computer. Maaaring tawagin ang paraan ng paghahalin na ito na pasalintroniko.
- ◆ Ayon sa anyo, may tatlong uri ang panitikan. Ito ang patula, patuluyan at patanghal.
- ◆ Ang panitikan ay nasa anyong patula kung ito ay saknungan na ang bawat taludturan ay maaaring may bilang o sukat ang mga pantig at magkasintunog o magkatugma ang pantig sa hulihan. Ang anyong patula ay maaari rin namang maging malaya at wala ang mga katangiang unang nabanggit.
- ◆ Nasa anyong patuluyan naman ang panitikan kung ito ay patalata sa halip na patuludtod ang porma at ang mga salitang gamit ay pangkaraniwan lamang o sa pang-araw-araw na takbo.
- ◆ Ang panitikan ay patanghal kung ito’y isinasadula at ipinapalabas sa tanghalan o dulaan. Salitaan ang pagkakasatitik nito at ito’y may mga yugto na binubuo ng tagpo.



Alamin Natin ang Iyong Mga Natutuhan

Punan ng tamang sagot ang patlang.

1. _____ ang tawag sa paraan ng paghahalin sa pamamagitan ng dila o bibig.
2. Nang matutong magsulat ang ating mga ninuno, ang panitikan ay kanilang inukit o iginuhit sa mga _____ ng kahoy.
3. Ang mga _____ ang nagdala ng imprenta sa Pilipinas.
4. Sa pamamagitan ng imprenta, napabuti ang paraan na _____ na paghahalin.

5. _____ ang maaaring itawag sa makabagong paraan ng pagsasalin ng panitikan tulad ng paggamit ng tape recorder, VHS at computer.
6. Ang _____ ay anyo ng panitikan na ang salitang ginagamit ay pangkaraniwan o pang-araw-araw at nakasulat sa pormang patalata.
7. Ang _____ ay anyo ng panitikan na maaaring patula o patuluyan subalit kailangang maipalabas sa tanghalan o dulaan.

Ano ang tatlong anyo ng panitikan?

8. _____
9. _____
10. _____

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46. Kung tamang lahat ang iyong sagot, magaling. Kung hindi naman, basahing muli ang aralin. Pagkatapos, sagutang muli ang mga tanong. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng modyul.

Ang Anyong Patula

Sa unang aralin, natutuhan mo na isa sa mga anyo ng panitikan ay anyong patula. Sa anyong ito, ang panitikan ay saknungan at ang bawat taludturan ay maaaring may bilang o sukat ang mga pantig. Ang mga pantig sa hulihan ay maaaring magkasintunog o magkatugma. Maaari rin namang ito ay maging malaya at walang mga katangiang tulad ng unang nabanggit.

Pagkatapos mong basahin ang araling ito, makikilala mo ang iba't ibang anyo ng anyong patula na nakasulat sa Filipino. Matutukoy mo rin ang anyong patula sa pamamagitan ng pagbabasa nito nang malakas at may damdamin at pakikinig sa tamang pagbigkas nito.

Handa ka na ba?



Basahin at Pakinggan Natin

Tunghayan natin kung papaano ipinapaliwanag ni Gng. Lulu sa kanyang pamangkin ang iba't ibang uri ng anyong patula. Habang binabasa mo ang pangyayari, maaaring pakinggan mo ito sa tape. Humiram ka ng cassette player at tape para sa modyul na ito sa inyong Instructional Manager. Habang nakikinig ka sa tape, sundan mo ito nang pagbabasa sa modyul.

Yen-yen: Tita Lulu, bigyan po ninyo ako ng mga halimbawa ng mga tula.

Tita Lulu: Naku, Yen! Maraming klase ng tula! Ano ba ang gusto mo?

Yen-yen: Ganoon po ba, Tita? Akala ko basta tula, iisang klase lang.

Tita Lulu: May tulang pasalaysay, tulang liriko, tulang dula o pantanghalan at tulang patnigan. At sa ilalim ng bawat isa nito ay may iba't iba pa ring klase.

Yen-yen: Anu-ano naman po ang mga klase ng tulang pasalaysay?

Tita Lulu: Ang mga uri ng tulang pasalaysay ay epiko, awit at korido, at balad.

Yen-yen: Epiko? Madalas ko pong marinig iyon. Hindi po ba ang *Biag ni Lam-ang* o *Ang Buhay ni Lam-ang* ay isang epiko?

Tita Lulu: Oo. Tama ka. *Ang Biag ni Lam-ang* ay isinulat ni Pedro Bukaneg na isang Ilokano. Isa pang halimbawa ng epiko ay ang *Indarapatra at Sulayman* na isinulat ni Bartolome del Valle. Ang epiko ay mahabang salaysay na patula. Maaari itong awitin o lapatan ng tugtog. Tungkol ito sa mga hindi pangkaraniwang kaganapan o kabayanihan.

Yen-yen: E, ang awit at kurido, po?

Tita Lulu: Ang awit at korido naman ay gumagamit ng mga paksang tungkol sa pagkamagino at pakikipagsapalaran. Ang mga tauhan dito ay mga hari't reyna, prinsipe at prinsesa, datu at dayang. May alam ka bang halibawa nito?

Yen-yen: Naku, Tita. Wala po akong maisip.

Tita Lulu: Kailangan mong magbasa nang madalas tungkol dito upang lalong lumawak ang iyong kaalaman.

Yen-yen: Opo, Tita. Tatandaan ko po iyon.

Tita Lulu: Magaling, kung ganoon. Bueno, isang halimbawa ng awit ay ang Florante at Laura na isinulat ni Francisco Balagtas. Ito ay inihandog niya kay Selya na pinakamamahal niya sa buhay. At ang Florante at Laura naman ay tungkol sa wagas na pag-ibig ni Florante para kay Laurang mahal niya. Pakinggan mo ang ilang taludtod ng tula niya.

*“Halina, Laura ko’t aking kailangan
ngayon, ang lingap mo nang naunang araw;
ngayon hinihingi ang iyong pagdamay—
ang abang sinta mo’y nasa kamatayan.*

*“At ngayong malaki ang aking dalita
ay di humahanap ng maraming luha;
sukat ang kapatak na makaapula,
kung sa may pagsintang puso mo’y magmula.*

*“Katawan ko ngayo’y siyasatin, ibig,
tingnan ang sugat kong di gawa ng kalis;
hugasan ang dugong nanalong sa gitgit
sa kamay ko, paa’t natataling liig.*

Yen-yen: Napakaganda po ng pagbigkas ninyo, Tita. Ang mga tula pala ay may natatagong mga mensahe.

Tita Lulu: Totoo ‘yan, Yen-yen. Ang mga tula ay pinag-isipan nang husto bago isinusulat. Kailangan pang bilangin ang mga pantig nito at gawing magkakatugma ang mga salita upang mas magandang pakinggan. Ngayon naman ay dumako tayo sa mga tulang liriko. Pakinggan mo:

*“Pen pen de sarapen
De kutsilyo de almasen*

Chorus: (Tita Lulu at Yen-yen):

*“Haw haw de karabaw
Batuten.
Sipit namimilipit*

*Ginto't pilak namumulaklak
Sa tabi ng dagat.*

Yen-yen: Ha-ha-ha.... Tula pala iyon, Tita.

Tita Lulu: Nagulat ka sa iyong natutuhan. Alam kong kapag napakinggan mo ay makikilala mo kaagad ito. Pag-usapan naman natin ang soneto. Ito ay isa ring tulang liriko. Makinig ka at tutulain ko ito:

Soneto ng Buhay

*Sa balabang niyog, aking namamalas
Ang palabang buwang lumantad-sumilip
Sa abot-tanaw ko'y sultanang liwanag
Na napapaasam sa aking pag-ibig...
Sa lunday na puting kabigin-itulak
Pati paningin ko'y naglalakbay langit
Aling puso kaya ang di-mangangarap
Kung ang kalikasa'y isang panaginip
Umigpa sa aking manlulumong diwa
Ang mga anino niring panimdim
Ang dalitang iwi'y nalimot na kusa
Madaling araw na, nang ako'y gumising
Pangarap! Pangarap! Pangaraping buhay!
Kaambil: ligaya; katapat; libingan!*

Yen-yen: Napakalalim naman po nang isinasaad ng sonetong iyan.

Tita Lulu: Ang sonetong iyan ay tungkol sa ating buhay. Minsan, maganda ang nangyayari sa buhay ng tao, minsan naman ay hindi maganda at hindi natin gusto.

Yen-yen: Ano pa po ang ibang uri ng tulang liriko?

Tita Lulu: Mayroong elehiya, dalit, pastoral at oda.

Yen-yen: Ano po ang pagkakaiba ng mga ito?

Tita Lulu: Ang elehiya ay tungkol sa kamatayan o panangis habang ginugunita ang isang mahal sa buhay na namatay na. Ang dalit naman ay nagsimula bilang awit sa pagsamba ng mga anito. Ito ngayon ay awit tungkol sa relihiyon.

Pakinggan mo itong halimbawa ng dalit na bibigkasin ko. Ito ay isinulat ni Jose Corazon de Jesus.

Dalit ng Ang Ulan

*Ulan! Hala, ulan! Punin mo ang bukid
Na ang hinihingi'y ang dala mong tubig.
Basain mo kaming darang sa init*

At iyong sabuyan ang ayaw maglinis.

Ulan! Hala, Ulan! Ibig kong makitang

Nguniti sa iyo ang mga sampaga.

Ang tuyot na punla'y diligan mo sana

At nang ang bayan ko'y guminha-ginhawa.

Ang oda ay nagpapaalam ng isang papuri, panaghoy, o iba pang masayang damdamin.

Yen-yen: Paano ko po malalaman ang kaibahan nito sa tulang dula o pantanghalan?

Tita Lulu: Ang mga tulang dula ay itinatanghal sa entablado. Kabilang dito ang komedya, melodrama, trahedya, parsa at saynete.

Ang komedya ay dulang nagwawakas nang masaya. Ang pagtatalo ng mga tauhan ay nauuwi sa pagkakasundo-sundo sa bandang huli.

Yen-yen: Di po ba ang komedya ay may halong katatawanan?

Tita Lulu: Oo. Nakatutuwa kasi ang mga pangyayari sa komedya kaya't nasisiyahan ang mga manonood.

Yen-yen: Sa pagkakaalam ko po ay kabaligtaran naman ang nangyayari kapag ang dula ay trahedya.

Tita Lulu: Malungkot ang pagwawakas ng trahedya sapagkat ang tunggalian dito ay nauuwi sa pagkamatay o pagkatalo ng bida o pangunahing tauhan.

Yen-yen: E ano naman po 'yong iba?

Tita Lulu: Ang melodrama ay ginagamit sa mga musikal na dula. Dito ay malungkot sa simula ngunit nagiging masaya ang pagwawakas.

Ang parsa ay mga magkakabit-kabit ng mga pangyayaring nakatatawa. At ang saynete naman ay mga tulang tungkol sa lugar o pag-uugali ng tao.

Yen-yen: Napakarami po palang klase ng mga tula, ano?

Tita Lulu: Tama ka. Nabanggit ko kanina ang mga tulang patnigan. Ang tatlong kalse ng tulang ito ay karagatan, duplo at balagtasan.

Yen-yen: Karagatan? Hindi po ba anyong tubig iyon?

Tita Lulu: Oo. Subalit karagatan din ang tawag sa isang larong hango sa alamat ng isang singsing na inihulog ng isang prinsesa sa dagat dahil sa kagustuhan niyang maka-isang dibdib ang mahirap na kasintahan.

Yen-yen: Ano po ang duplo?

Tita Lulu: Ang duplo ay katulad din ng karagatan. Paligsahan ito ng husay sa pagbigkas at pangangatwiran nang patula.

Ang balagtasán naman ang pumalit sa duplo. Ang pangalan nito ay kinuha sa batikang manunulat na si Francisco “Balagtas” Baltazar. Ang balagtasán ay debateng isinatula. Ang taong namamagitan sa dalawang naglalaban ay tinatawag na lakandiwa. Ang pagtatalo ay maaaring seryoso at maaari ring may pasaring. Ang paksa ay tungkol sa iba’t ibang aspeto ng buhay sa Pilipinas.

Mayroon akong iparirinig sa iyong modernong balagtasán. Ito ay halaw sa *Ang Bagong Bayani* na isinulat ni Rafael A. Pulmano. Ipababasa ko ito kina Verna at Partick. Halikayo dito, Patrick, Verna at bigyang buhay ninyo itong balagtasang ito.

Verna at Partick: Opo, Tita.

Tita Lulu: Ikaw, Yen-yen, ang magsilbing lakandiwa.

Yen-yen: Sigé, po, Tita.

Tita Lulu: Sisimulan natin ang balagtasán matapos ipakilala ang magkatunggali na sina Emma at Rafael na gagampanan nina Verna at Patrick. Isang tinding lang ang babasahin ninyo. Maliwanag ba?

Verna, Patrick at Yen-yen: Opo, Tita.

Tita Lulu: Sigé, simulan na ninyo. Ang paksa ng balagtasang ito ay kung *Kaya Ba o Hindi Kaya ng mga Pilipinong Magkaisa?*

Yen-yen: (LAKANDIWA)

*Yamang kapwa narito na ang makatang maglalaban
Simulan na agad natin itong ating Balagtasán
Unang tindig ay si Emma, siya’y ating palakpakan,
Pag pumalpak, saka natin paulanan ng masinggan.*

Verna: (KAYANAMAGKAISA–UNANG TINDIG)

*Mahigit na pitong libo ang isla ng ating bansa
Bawat bayan mong puntahan, iba-iba yaong wika
Iba-iba ang ugali, kanya-kanyang paniwala
Ngunit tayo’y isang lahi na nilikha ni Bathala.*

*Dahil isang lahi tayo’y nakaukit sa isipan
At puso ng Pilipino ang diwa ng makabayan
Kaya pag may inaapi, kung may dapat ipaglaban
Handa tayong magkaisa, kapit-bisig, damay-damay!*

*Bakit tayong Pilipino taun-tao’y nagdiriwang
Niyang ating tinatawag na Araw ng Kasarinlan?
Ito kayang bansa natin ay malayang matuturan
Kung noo’y di nagkaisa yaong ating kababayan?*

*Noong tayo'y magkaisang ang diktador mapatalsik
Tayong mga Pilipino'y iginalang ng daigdig
Ang EDSA ay siyang saksi na di tayo palulupig
Kapag tayo'y nagkaisa ng damdamin, puso't isip!*

*Nagkaisa tayo noon, kaya bakit hindi ngayon?
Kaya nating magkaisa sa'n man tayo naroroon!
Kaya nating magkaisa sa mabuting nilalayan,
Isang lahi, isang dugo, isang mithi, isang nasyon!*

Yen-yen: (LAKANDIWA)

*Ang makatang nagpauna'y maliwanag na nagsaysay
Anyay kaya nating Pinoy magkaisa, magkatuwang
Ang kanyang katunggali'y atin namang pakikinggan
Tingnan natin kung talagang ang tuktok nga ay may laman!*

Patrick: (HINDI KAYANG MAGKAISA–UNANG TINDIG)

*Kalaban ko'y para palang sugarol na betubeto
Nakatikim lang manalo, umasa nang walang talo
Hindi komo't noong araw, nagbuklod ang Pilipino,
Lagi na nga't kahit saa'y magkasangga na nga tayo.*

*'Wag na tayong lumayo pa: marami d'yan na pamilya
Ama't ina, mga anak, may alitan tuwi-t'wina
Kung pamilya na kay liit ay di na mga magkaisa
Gaano pa tayong mga Pilipinong sangkaterba?*


*Ang dakilang Panginoo'y labingdal'wa ang alagad
Isipin mo, labingdal'wa – ang isa pa ay nag-Hudas
Kung sila nga na kokonti, magkaisa ay kayhirap,
Di lalo na tayong mga Pilipinong sangkatutak!*

Tita, hanggang dito lang po?

Tita Lulu: Oo. Masyado nang mahaba. Naintindihan ba ninyo ang ibig ipahiwatig ng balagtasang?

Yen-yen, Verna at Patrick: Opo.

Nasiyahan ka ba sa iyong pakikinig? Kung ganoon, mabuti. Ipagpatuloy mo ang pagbabasa ng modyul at nang lalo mong matutuhan ang tungkol sa mga anyong patula.



Alamin Natin

Ang mga anyong patula ay may apat na uri. Ito ay mga sumusunod: **tulang pasalaysay**, **tulang paawit** o **liriko**, **tulang dula** o **pantanghalan**, at **tulang patnigan**.

Ang tulang pasalaysay ay naglalarawan ng mga tagpo o pangyayaring mahahalaga sa buhay. Ito ay may tatlong uri – ang **epiko**, **awit at kurido**, at **balad**.

Ang **epiko** ay mahabang tula na inaawit o binibigkas. Nauukol ito sa kababalaghan at pagtatagumpay ng pangunahing tauhan laban sa mga panganib at hamong kanyang natatanggap. Ang mga nagsulat nito ay naglayong gamitin ito sa ritwal.

Ang *Biag ni Lam-ang* (Buhay ni Lam-ang) ay isang halimbawa ng epiko. Isinulat ito ni Pedro Bukaneg ng taga-Abra. Ito ay kilala bilang pinakamatandang epikong naitala. Nakasulat ito sa salitang Iloko at tungkol sa mga pambihirang pakikipagsapalaran ni Lam-ang, ang pangunahing tauhan ng epiko. Si Lam-ang daw ay binigyan ng di-pangkaraniwang lakas at pananalita nang ipinanganak. Isa pang halimbawa ng epiko ay ang tungkol sa Ifugao na si Hudhud. Ang epikong ito ay kinakanta tuwing may importanteng mga kasayahan, katulad ng anihan at pagtatanim.

Ang mga paksa sa **awit at korido** ay tungkol sa pagkamagino at pakikipagsapalaran ng mga pangunahing tauhan mga reyna't hari, prinsesa't prinsipe. Ang awit ay may 12 ang sukat ng pantig, habang ang korido naman ay may 10 ang sukat. Ang *Florante at Laura* ay isang halimbawa ng awit, at ang mga sumusunod ay halimbawa ng korido: *Ang Ibong Adarna*, at *Buhay na Pinagdaanan ni Donya Mariang Asawa ng Ahas*.


Ang **balad** ay tulang inaawit habang may nagsasayaw. Ginawa ito noong matagal nang panahon. Mayroon itong anim hanggang walong pantig. Isang halimbawa nito ay balitaw. Ang balitaw ay debateng awit at sayaw tungkol sa pagmamahalan ng isang babae at isang lalaki.



Subukan Natin Ito

Itanong mo sa iyong kasambahay o sa mga nakatatanda sa iyong mga kamag-anakan kung mayroon silang natatandaang mga balad, awit, korido at epiko. Isulat mo ito sa papel at ipakita mo sa iyong Instructional Manager. Kung may pahanon ka, maaaring pumunta ka sa library at maghanap ng mga halimbawa ng mga akdang anyong patula. Magbasa ng ilan sa mga ito. Makadaragdag ito sa iyong kaalaman.

Ipagpatuloy ang pagbasa ng modyul.



Alamin Natin

Ang tulang paawit o liriko ay mayroon ding iba't ibang uri. Ito ay ang mga sumusunod:

1. *Awiting Bayan* – ang mga ito ay mula pa sa mga ninuno natin at magpahanggang ngayon ay kinakanta o inaawit pa rin natin. Pangunahing halimbawa ng awiting bayan ay ang *Lupang Hinirang*, ang Pambansang Awit ng Pilipinas. Iba pang halimbawa ay ang *Leron, Leron Sinta, Dalagang Pilipina, Bahay Kubo* at ang *Paruparong Bukid*.
2. *Soneto* – ang tulang ito ay tungkol sa damdamin at kaisipan. Ito ay may 14 na taludtod. Dito ay may mapupulot na aral ang mambabasa. Ang halimbawa ng soneto ay ang *Sonnet on Worker's Rights* ni Amado M. Yuson na isinalin sa wikang Filipino ni Joey A. Arrogante. Ito ay pinamagatang Soneto sa mga Karapatan ng Mga Manggagawa.
3. *Elehiya* – ang tulang ito ay patungkol sa kamatayan o sa pagdadalamhati lalo na sa paggunita sa isang sumakabilang-buhay na. Isang halimbawa ng elehiya ay ang isinulat ni Bienvenido A. Ramos na may pamagat na *Awit sa Isang Bangkay*.
4. *Dalit* – kilala ito bilang awit sa pagsamba sa mga anito. Ngayon, ito ay awit ng papuri sa Diyos o kaya ay sa Birheng Maria na ina ng Diyos o sa relihiyon.
5. *Pastoral* – mga tulang tungkol sa buhay sa bukid.
6. *Oda* – ito ay isang papuri, panaghoy, o iba pang masiglang damdamin. Walang tiyak na bilang ang pantig at taludtod.

Ang tulang dula o pantanghalan ay may limang uri. Ito ay ang sumusunod:

1. *Komedyang* – ang layunin nito ay gawing kawili-wili ang panonood sa pamamagitan ng mga ginagawa ng pangunahing tauhan. Ang wakas nito ay masaya. Ang kaguluhan sa bandang simula ay naaayos. Ang pagkakasundo-sundo ng mga tauhan ang nakapagpapasaya sa mga nanonood. Isang halimbawa ng komedyang ito na isinulat ni Juan Crisostomo Soto (o Crissot), na tinaguriang “Ama ng Panitikang Kapampangan” ay ang komedyang *Kiki-Riki*, isang komedyang nakasulat sa Kapampangan at may isang yugto.
2. *Melodramang* – ginagamit ang tulang ito sa mga dulang musikal. Isang halimbawa nito ang *Sarimanok* na isinulat ni Steven Prince “Patrick” C. Fernandez.
3. *Trahedyang* – nauuwi ang dulang ito sa malagim o malungkot na wakas. Isang halimbawa ng trahedyang ito ay *Ang Trahedyang sa Balay ni Kadil* na isinulat ni Don Pagusara.
4. *Parsang* – ang parsa ay nakapagpapasaya sa mga nanonood dahil sa mga dugtong-dugtong na mga pangyayaring nakatatawa.
5. *Saynetang* – ang dulang ito ay tungkol sa mga lugar o pag-uugali ng mga tao.

Ang tulang patnigan naman ay may tatlong uri. Ito ay ang mga sumusunod:

1. *Karagatan* – ginagamit ang tulang ito sa laro, kadalasan tuwing mayroong namatay. Kunwari ay may matandang tutula tungkol sa dahilan ng laro. Tapos ay paiikutin ang isang tabong may tanda. Kapag huminto ang tabo sa pag-ikot, ang matatapatan nito ay tatanungin ng dalaga ng mga salitang matatalinhaga o makahulugan. Ang larong ito ay nagmula sa isang alamat ng isang prinsesang naghulog ng singsing sa karagatan. Ang sinumang binatang makakuha ng singsing ay siya niyang pakakasalan.
2. *Duplo* – ito ang pumalit sa karagatan. Labanan ito ng pagalingan sa pagbigkas at pagbibigay katwiran nang patula. Ang mga pagbigkas ay galing sa mga kasabihan, salawikain at Bibliya. Ito ay madalas laruin tuwing may lamay sa patay.
3. *Balagtas* – ang balagtas naman ang pumalit sa duplo. Ito ay debate na binibigkas nang patula. Ipinangalan ito sa tanyag na manunulat na si Francisco “Balagtas” Baltazar. Pinatanyag ito ng “Hari ng Balagtas” na si Jose Corazon de Jesus (Huseng Batute).



Magbalik-aral Tayo

Pagtambalin ang mga uri ng tula na nasa Hanay A sa kanilang kahulugan na nasa Hanay B. Isulat ang sagot sa patlang.

Hanay A	Hanay B
_____ 1. Elehiya	a. debateng isinatula
_____ 2. Balagtas	b. mahabang tula na inaawit o binibigkas at patungkol sa mga kababalaghan o di-pangkaraniwang pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan
_____ 3. Dalit	c. tulang dula na nakatutuwa ang pangyayari
_____ 4. Trahedy	d. tulang dula na malungkot ang wakas
_____ 5. Komedy	e. tulang patungkol sa relihiyon
_____ 6. Epiko	f. larong batay sa singsing na inihulog ng prinsesa sa dagat
	g. tulang tungkol sa isang namatay

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47.



Tandaan Natin

- ◆ Ang mga anyong patula ay may apat na uri: tulang pasalaysay; tulang paawit o liriko; tulang dula o pantanghalan; at tulang patnigan.
- ◆ Ang mga uri ng tulang pasalaysay ay epiko, awit at korido, at balad.
- ◆ Ang mga uri ng tulang paawit o liriko ay awiting bayan, soneto, elehiya, dalit, pastoral at oda.
- ◆ Sa mga tulang dula o pantanghal naman ay ang komedya, trahedya, parsa, saynete at melodrama.
- ◆ Sa tulang patnigan naman ay ang karagatan, duplo at balagtasan.



Alamin Natin ang Iyong Natutunan

Sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Anu-ano ang mga uri ng anyong patula. Ibigay din sa bawat anyong patula ang iba't ibang uri nito.

2. Anu-ano ang tatlong uri ng tulang pasalaysay. Ihambing ang bawat isa.


3. Sagutin ang palaisipan.

Pababa

1. tulang tungkol sa bukid
2. awit tungkol sa relihiyon
4. pahayag ng isang papuri o panaghoy

Pahalang

3. tulang 14 ang taludtod
5. tulang tungkol sa isang yumao na
6. awit na tungkol sa pag-ibig, kawalang pag-asa, pangamba, kaligayahan, pag-asa at kalungkutan



Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47.

Kung tamang lahat ang iyong mga sagot, magaling. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng modyul.

Mga Anyong Patuluyan

Sa araling ito, makikilala mo ang iba't ibang uri ng anyong patuluyan. Ilan sa mga ito ay ang maikling kuwento, at kuwentong bayan na ang mga halimbawa ay alamat, pabula, at iba pa. Kasama rin dito ang sanaysay at nobela.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang:

- ◆ makikilala mo ang iba't ibang uri ng anyong patuluyang nakasulat sa Filipino; at
- ◆ matutukoy mo ang mga katangian ng anyong patuluyan at pagkakaiba nito sa anyong patula.



Basahin Natin

Mga Kuwentong-Bayan

Tayong mga Filipino ay madalas na nagtitipun-tipon at karaniwang nauuwi ito sa biruan, awitan, kuwentuhan at paglalaro. Ang kuwentuhan ang pinakakaraniwang nangyayari. Tungkol ito sa kanilang mga buhay-buhay o sa mga namanang salaysay. Ito ngayon ang tinatawag na *kuwentong-bayan*.

Ang kuwentong-bayan o *folktales* sa Ingles ay mga pasalitang pagsasalaysayan sa tradisyong patuluyan. Kinukuwento ito sa pamamagitan ng natural na pag-uusap na pasalita na karaniwang nangyayari sa pang-araw-araw na pag-uusap.

Naiiba ito sa patula na kung saan ang pagbigkas ay artipisyal dahil ito'y taludturang may sukat at tugma.

Ang salitang *bayan* sa kuwentong-bayan ay nagsasaad ng hindi alam kung sino ang taong orihinal na naglahad ng kuwento. Ito'y hindi nasusulat o nakasulat sapagkat ito ay nagpasalin-salin lamang sa bibig ng marami. Walang tanging nagmamay-ari nito kundi ang bayan.

Ang mga kuwentong-bayan ay nauuri ayon sa nilalaman at pamamaraan ng pagkakalahad nito. Ang mga sumusunod ay iba't ibang uri ng kuwentong-bayan.

Alamat o Mito

Ang *alamat* ay tumutukoy sa leyenda o *legend* sa Ingles, na ang ibig sabihin ay isang uri ng kuwentong-bayan na nagsasalaysay tungkol sa pinagsimulan ng mga bagay-bagay. Ito ay mga kuwento tungkol sa pinagmulan ng simula.

Ito’y karaniwang tungkol sa diyos o diyosa, bathala o mga anito. Kasama na rin dito ang tungkol sa kanilang mga nilalang tulad ng kalikasan, langit, mundo at mga unang tao. Kaugnay na rin dito ang tungkol sa pagsamba ng tao sa maylalang o maykapal (Diyos). May mga pagkakataon ding may mga nilikha na tanging dinadakila o binabayani. Ito’y dahil sa kanilang katapangan, kagitingan o kapangyarihan.

Ilan sa mga *mito* sa ating bansa ay patungkol sa pagsamba tulad nang ang pagkaroon ng mga Bikolano na tinatawag na Gugurang, ang mga Ilokano naman ay may Kabunian, ang mga Bilaan ay may Adwata, at ang mga Tagalog ay may Bathala. Kung tungkol naman sa mga bayani, ang mga Bikolano ay may Handing, isang magiting na bayaning pumatay ng higanteng ahas.



Makinig Tayo

Manghiram ng cassette tape sa inyong Instructional Manager at pakinggan ang tape para sa modyul na ito. Una mong mapakinggan ang isang halimbawa ng Alamat o Mito. Ito ay pinamagatang “Ang Araw at Gabi” at ang alamat na ito ay galing sa mga Kapampangan.

Pagkatapos mong napakinggan ang tape, pindutin ang “pause” para samantalang titigil muna ang tape. Ipagpatuloy mo ang pagbabasa ng modyul.

Nasiyahan ka ba sa iyong pakikinig? Kung ganoon, mabuti naman.



Subukan Natin Ito

Maglista ng mga limang alamat o mito na alam mo sa ibaba. Pagkatapos, maghambingan kayo ng mga kasama mong mag-aaral. Kung meron siyang alam na Alamat o Mito na hindi mo pa alam, pakiusapan mo siyang ikuwento niya ito sa iyo. Ganoon din ang gagawin mo kung meron kang alam na hindi pa nila alam.


Naging masaya ba ang pagpapalitan ninyo ng kuwentuhan? Kung ganoon, mabuti naman at nasiyahan kayo bukod sa may nadagdag pa sa iyong kaalaman. Ipagpatuloy ang pagbasa ng modyul.

Ang pabula

Ang pabula ay unang naging tanyag sa Gresya (Greece) dahil sa mga kuwento ni Aesop na taga-Gresya na tinaguriang *Aesop’s Fable*.

Ang pabula ay mga kuwentong-bayan na karaniwang isinasalaysay ng mga magulang sa kanilang mga anak upang sila’y aliwin o pangaralan. Dahil mahihilig ang

mga bata sa mga hayop, ang mga tauhan sa kuwento ay pawang mga hayop. Ang mga hayop ay ginagamit upang kumatawan sa mga katangian o pag-uugali ng tao. Halimbawa ang ahas ay inihahalintulad sa isang taong taksil, ang unggoy o matsing sa isang taong tuso, at ang pagong sa taong makupad. Sa mga kalikasan naman, ang rosas ay kumakatawan sa babae o sa pag-ibig. Ang bubuyog sa isang mapaglarong manliligaw at kung anu-ano pa.



Sa ganitong paglalahad, naiiwasan ang makasakit sa damdamin ng tao, sakali mang may nakikinig na maaaring siya ang tinutukoy ng tema. Sabi nga sa isang salawikain: *“Bato, bato sa langit, ang tamaan ay huwag magagalit”*. Sa mga panahong supil ang pamamahayag, ang pabula ang mabisang sandata para maipahayag ang katiwalian at mailantad ito sa mga kinauukulan.



Makinig Tayo

Sa bahaging ito, pindutin mo ang “pause” ng cassette player para ipagpatuloy mo ang pakikinig sa tape. Ang papakinggan mo ngayon ay isang halimbawa ng pabula. Ito ay pinamagatang *“Ang Mag-asawang Daga”*.

Nasiyahan ka ba sa iyong pakikinig? Kung ganoon, mabuti naman.

Ang Parabola

Ang parabola ay karaniwang hango sa Bibliya o Banal na Kasulatan. Sa mga Kristiyano, ang pabula ay mga pagtuturo at pangangaral ni Hesus noong magsimula Siya sa Kanyang misyon sa daigdig. Isang halimbawa ng pabula sa wika Niya ay: *“ang tao ay may mga mata ngunit hindi nakakakita, may mga tenga, subalit hindi nakakarinig.”* Sa pamamagitan ng kaisipang ito, mamumuni-muni, mauunawaan at makikilala ng isang tao ang kanyang sarili.

Ang parabola, tulad ng pabula ay masimbolo kaya malalim ang kahulugan nito na dapat pag-isipan. Katulad rin sa alamat at pabula, ang parabola ay may mga taglay na aral na nagsisilbing gabay sa ating buhay. Ang anyo nito ay tila kuwentong pambata sa unang tingin dahil payak ang takbo ng banghay at mga karaniwang tao, hayop o mga bagay lamang ang mga tauhan kaya ito ay kagiliw-giliw. Ito’y nababagay sa mga taong may mga sariling isip nang magpasya gaya ng mga magulang at iba pang mga nakatatanda para lalong lumawak ang kanilang pakikitungo sa kanilang sarili, kapwa, lipunan at sa larangang kanilang kinabibilangan.



Subukan Natin Ito

Sa ibaba ay may halimbawa ng parabola. Basahing mabuti at subukan mong bigyan ng kahulugan ito. Pagkatapos basahin, sagutan ang tanong at isulat ang iyong sagot sa mga patlang na nakalaan.

Ang Don at ang Pulubi

May isang Don na nakadamit ng kulay-ubeng de ilo na nabubuhay araw-araw sa karangyaan. Sa kanyang tarangkahan, nakahambalang ang isang pulubi, si Lazarus. Kumikirot ang buong katawan ni Lazarus dahil tadtad siya ng sugat. Kumakalam din ang kanyang sikmura dahil sa sobrang gutom. Nakatanghod siya at tumatakam sa mga pagkaing nahuhulog mula sa mesa ng Don. Sa halip na lapitan siya ng sinuman sa mga nagsisikain para bigyan siya ng pagkain, ang lumapit sa kanya ay mga aso para dilaan ang kanyang mga sugat.

Dumating ang panahon, namatay ang pulubi. Kinuha siya ng mga anghel, dinala siya’t iniluklok sa tabi ni Abraham. Gayundin ang Don, namatay at inilibing. Sa impiyerno ito napunta at pinarusahan. Napatingala ang Don at nakita sa malayo si Abraham katabi si Lazarus. Nanawagan ito: “Amang Abraham, maawa kayo sa akin. Papuntahin ninyo rito si Lazarus para idawdaw ang dulo ng kanyang daliri sa tubig nang malamigan naman ang dila ko. Hirap na hirap na ako sa apoy na ito.”

“Anak, naaalala mo ba noong nabubuhay ka pa? Tinanggap mo nang lahat ang mabubuting bagay, samantalang lahat ng masasaklap ay napunta kay Lazarus. Kaya ngayon, sa kanya naman dapat ang paglingap, at sa iyo, ang paghihirap. Isa pa, naging napakalaki na ng agwat natin, kaya mahirap nang

matawid mo pa ang layo mula riyang hanggang dito, dili kaya ay matawid ninuman ito mula rito hanggang diyan,” ang sagot ni Abraham.

Nagmakaawa uli ang Don. “Maawa na kayo, Ama, papuntahin ninyo si Lazarus sa bahay ng aking limang kapatid na lalaki. Paalalahanan ninyo sila nang hindi sila mapasunod pa sa lugar na ito.”

Tumugong muli si Abraham. “Naroroon si Moses at ang mga Propeta, hayaan mong makinig sila sa kanila.”

“Hindi, Amang Abraham,” sabi pa ng Don. “Pag mula sa mga namatay na ang pupunta sa kanila, tiyak magsisisi sila.”

“Bueno.....” talima ni Abraham sa Don, “kung ayaw nilang makinig kay Moses at sa mga Propeta, hindi rin sila makukumbinse kahit sa kaninumang namatay pang ibalik.” (Lukas 16: 19-31. Isina-Filipino ni Joey A. Arrogante.)

Kahulugan ng Parabola:

Ipakita ang iyong mga sagot sa inyong *Instructional Manager*.

Ipagpatuloy ang pagbasa ng modyul para sa iyong karagdagang kaalaman.



Basahin Natin Ito

Mga Kuwentong Kababalaghan

Ito ay isa ring uri ng kuwentong bayan subalit ang kaibahan nito sa mga naunang nabanggit, ito’y sadyang likhang-isip lamang o mula sa makislót na guni-guni ng tagapagsalaysay. Ang kadalasang tema ng kuwentong ito ay tungkol sa mga kababalaghan gaya ng mga maligno, duwende, multo, tikbalang, aswang at iba pa. Kadalasan, walang naniniwala dito at karaniwang pinagkikibitang-balikat lamang ang mga kuwentong ito.

Noong araw, ginagamit na panakot ito ng matatanda sa mga anak nilang matitigas ang ulo. Sa panahon natin ngayong nabago nang lahat ang takbo ng buhay dahil sa pag-unlad ng agham at teknolohiya, ang mga kuwentong ito ay napapakinggan na sa mga programa ng radyo, napapanood sa mga palabas sa telebisyon at pelikula at nababasa na rin sa mga komiks.

Mga Kuwentong Katatawanan

Ang mga kuwentong katatawanan ay maaaring gawa-gawa lamang bilang mga kantiyaw, o kaya’y mga pangyayari sa pang-araw-araw na kapaligiran, na sa halip na takasan ang katotohanan o reyalidad nito, sa mga pabirong paraan ay nakukuhang tanggapin ng maluwag sa buhay.

Mga Palaisipan

Katulad ng bugtong, ang palaisipan ay pahulaang nagpapatalas ng isipan. Ang kaibahan ng palaisipan sa bugtong ay hindi ito nakataludtod, walang sukat o tugma at nakasulat sa anyong pakuwento. Ang mga pananalita ay malaya at ginagamit sa araw-araw, at karaniwa’y nagtatapos sa isang tanong.

Ito’y parang isang sanayan ng mga tao noong araw sa larangan ng matematika at lohika. Mapanghamon ito sa sensibilidad at kapasidad ng taong mag-isip. Noong panahong nagdaan, karaniwan sa mga pagtitipun-tipon, inuman, lamayan o pangkatuwaan man, hindi maaaring mawala ito sapagkat ito’y nagsilbing panukat ng talino at pampasigla ng pulso.



Makinig Tayo

Ipagpatuloy mo ang pakikinig sa tape at mapapakinggan mo ang mga halimbawa ng maikling kuwentong kababaghan, katatawanan, at palaisipan. Ang pamagat ng kuwentong kababalaghan na iyong mapapakinggan ay “Isang Supot na Kamatayan”. Ang pamagat ng kuwentong katatawanan na iyong papakinggan ay “Ang Bobong Prinsipe” at ang pamagat ng kuwentong palaisipan na iyong papakinggan ay “Ang Tatlong Sabong”.

Nasiyahan ka ba sa iyong pakikinig? Marahil, alam mo na ngayon ang mga iba’t ibang uri ng kuwentong-bayan. Ang isa pang anyo ng patuluyan ay ang maikling kuwento. Ipagpatuloy mo ang pagbasa ng modyul at nang malaman mo ang bahagi at sangkap o elemento ng maikling kwento.

Ang Maikling Kuwento

Ang maikling kuwento ay isang makabagong sangay ng panitikan na sadyang kinakathang masining upang madaling pumasok sa isip at damdamin ng magbabasa ang isang pangyayari sa buhay na inilalarawan sa kuwento.

Mga bahagi at sangkap o elemento ng maikling kuwento

Ang maikling kuwento ay may *simula*, *gitna* at *katapusan*. Sa *simula* matatagpuan ang tatlong mahahalagang sangkap o elemento: ang *tauhan* na ipinakilala ayon sa kaanyuan o papel na gagampanan, halimbawa, ang bida at kontrabida; ang *tagpuan* na pangyayarihan ng aksyon o insidente na naghahayag ng panahon, halimbawa, kung tag-init, tag-ulan, oras at lugar, at ang *sulyap* sa suliranin, na magpapahiwatig sa magiging problemang kakaharapin ng pangunahing tauhan o ng tanging tauhan.

Sa *gitna*, tatlo rin ang sangkap. Ito ay ang sumusunod: ang *saglit na kasiglahan*, na nagpapakita sa panandaliang pagtatagpo ng mga tauhang nasasangkot sa problema; ang *tunggalian* na tahasan nang nagpapakita ng labanan o pakikibaka ng tanging tauhang inilalahad at ito ay maaaring ang kanyang pakikipagtungali sa sarili, sa kapwa, sa kalikasan; at ang *kasukdulan*, ang pinakamadulang bahagi ng kuwento kung saan iikot ang kahihinatnan ng tanging tauhan, kung ito ay kasawian o tagumpay.

Sa *wakas* naman matatagpuan ang kakalasan at ang kinatapusang sangkap. Sa kakalasan mababatid ang kamalian o kawastuan ng mga di-inaasahang naganap na pagbubuhol na dapat kalagin. Mababatid naman sa katapusan ang magiging resolusyon ng kuwento at ito’y maaaring masaya o malungkot, pagkatalo o pagkapanalo ng pangunahing tauhan.

May mga ibang kuwento na hindi na winawakasan at wala ang dalawang huling sangkap nito. Iniiwan na lamang itong bitin sa kasukdulan at hinahayaan na lamang ang magbabasang humatol o magpasya sa dapat na kahinatnan nito. Mapaghamon ang ganitong wakas sa isip ng mga mambabasa. Parang kabilang na rin sila sa mga saksi sa kuwento.



Basahin at Pakinggan Natin

Basahin at pakinggan ang isang halimbawa ng maikling kuwento na isinabuod na. Ito ay sinulat ni Macario Pineda noong 1933 at ang pamagat ay “Suyuan sa Tubigan”. Ang kuwentong ito ay isang matapat na paglalarawan ng isang yugto sa buhay-bukid. Dalawa ang maaaring ipagpapakahulugan sa pamagat: ang pagtutulongan ng mga magsasaka sa pag-aararo at ang pagpapaligsahan ng dalawang binata sa iisang dalagang kapwa nila iniibig.

Madaling-araw pa lamang ay papunta na sa tubigan sina Ka Albina, kasama ang anak na dalagang si Nati at ang pamangking si Pilang. Sunung-sunong nila ang mga matong ng kasangkapan at pagkain.

Habang daan, nakasabay nila sina Ka Ipyong, Pakito at Pastor na nakasakay sa kalabaw dala ang kani-kaniyang araro. Habang naglalakad, nagkakatuwaan sila at nagkakatuksuhan. Si Ore na kasama rin nila ay nagpatihuli na parang may malalim na iniisip.

Nang marating nila ang tubigang aararuhin, may nadatnan na silang nagtatrabaho. Ang iba naman ay katatapos lamang sa pagtilad at habang nagpapahinga ay nagkakasarapan sa pagkukuwentuhan.

Habang abala sa pag-aayos ng mga kasangkapan gagamitin sina Nati at Pilang, nandoon din si Pastor at nagpipilit na tumulong kay Pilang. Si Ore naman ay mapapansing pinamumulhang pisngi. Inabutan ni Pilang si Pastor ng kape ngunit sinamantala ito ng binatang sapupuhin ang kamay ng dalaga. Walang kibong lumapit si Ore kay Nati at humingi ng kape at kamote. Walang

patlang ang sulyapan nina Nati at Ore habang nagkakainan. Si Pastor naman ay laging nahuhuling nakatingin say Pilang.

Makakain, inumpisahan nila ang suyuan. Sunud-sunod silang parang may parada. Masasaya silang nag-aararo at maitatangi ang kanilang pagkakaisa sa tulung-tulong na paggawa. Para silang nagpapaligsahan sa ingay at hiyawan.

Ganoon na nga ang nangyari. Lihim na nagkasubukan sa pag-aararo sina Pastor at Ore. Pagpapakitang bilis sa pagbungkal ng lupa at gilas ng kalabaw. Ipinanahimik lamang ito ng dalawang dalaga na alam na alam ang dahilan.

Nauna si Pastor, sumusunod lamang si Ore. Malaki na ang kanilang naaararo ngunit patuloy pa rin sila. Mahina ang kalabaw ni Ore kaya nahuhuli, samantalang magaling ang kalabaw ni Pastor kaya nangunguna. Hindi na makahabol si Ore sa layo ni Pastor nang huminto na ang kalabaw niya sa sobrang pagod.

Tinawag sila ni Ka Punso para kumain. Tumigil si Pastor. Kinalagan ang kalabaw niya at sinabuyan ng tubig. Nakatawa itong lumapit sa mga kasama. Samantalang si Ore ay hinimas-himas pa muna ang batok ng kanyang kalabaw na bumubula ang bibig at abut-abot sa paghinga. Nilapitan siya ng isa sa mga kasamahan at ipinagpatuloy ang ginagawa niya. Lumapit si Ore sa mga kasamahang mapulang-mapula ang mukha at paulit-ulit na ikinukuskos ang mga palad na malinis na naman sa pantalon at walang masabi kundi ang pag-aming talagang makisig ang kalabaw ni Pastor.

Naupo si Ore ilang hakbang ang layo kina Nati at Pilang. Si Pastor ay kumakain sa tabi ni Pilang. Nilapitan ni Pilang si Ore at dinulutan ng pagkain. Naibsan ang pagod at hirap ni Ore.

Nagwakas ang kuwento sa pahiwatig na bagamat natalo ni Pastor si Ore sa pag-aararo ay natalo naman ni Ore si Pastor sa pag-ibig ni Pilang.

Nagustuhan mo ba ang buod ng maikling kuwento? Mabuti, kung ganoon.



Tandaan Natin

Ang anyong patuluyan ay isang uri ng panitikang Filipino. Inilalahad ito sa pangkaraniwan at pang-araw-araw na pananalita hindi kagaya ng anyong patula na ang daloy ng pinabubukal na kaisipan at damdamin ay madulas o tuluy-tuloy dahil may bilang ang pantig ng mga salitang sasabihin at kailangang magkasing-tunog ang mga dulo ng pantig. Sa anyong patuluyan, malaya kung lumabas sa bibig ang mga salita, madulas, mabilis dahil hindi na kailangan pang pakaisipin o piliin ang mga salita para pagandahin ang dating sa tenga. Madaling maintindihan at maunawaan ang mga pangyayaring inilalahad sa anyong patuluyan.

Sa araling ito, napag-aralan mo ang mga sumusunod na anyong patuluyan:

1. kuwentong bayan
2. mulamat o mito
3. alamat
4. pabula
5. kuwentong kababalaghan
6. kuwentong katatawanan
7. palaisipan
8. maikling kuwento



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Basahin mo ang mga sumusunod na anyong panitikang patuluyan. Tukuyin mo kung ito ay kuwenong bayan, parabola, alamat, pabula o palaisipan. Isulat ang iyong sagot sa mga nakalaang patlang sa ibaba nito.

1. Ang Uwak na Nagpanggap

Isang uwak ang nakakita ng mga lagas na balahibo ng pabo sa lupa.

Pinagmasdan niya iyon at nasiyahan siya sa iba't ibang kulay na taglay niyon. At dahil sa sawa na siya sa pagiging isang itim na ibon, iyon ay kanyang pinulot isa-isa at saka idinikit sa kanyang katawan.

Iyon lang at dali-dali siyang lumipad patungo sa grupo ng mga pabo at nagpakilala bilang kauri nito.

Ngunit sadyang kilala ng mga pabo ang kanilang kauri, kaya naman hindi rin nagtagal at nabisto ng mga ito ang pagkukunwari ng uwak. Dahil dito, inalis ng mga pabo ang iba't ibang kulay na balahibong nakadikit sa katawan ng uwak. Pagkuwa'y pinagtutuka nila ito hanggang sa takot na lumisan ang uwak.

Nang magbalik ang uwak sa kanyang mga kauri, hindi na rin siya tinanggap ng mga ito. At sinabing, "Hindi namin kailangan ang isang tulad mong walang pagmamahal sa sariling anyo!"

Anyo: _____

2. Kung Bakit Napakataas ng Langit?

Noong unang panahon, ang pagkalikha ng langit at lupa ay lubhang napakababa. Kung susukatin ay lagpas tao lamang ang taas mula sa lupa. Magkaganoon man, hindi ito naging sagabal sa mga taong nabubuhay at naninirahan sa daigdig. Malaya silang nakagagalaw at nakakikilos sa anumang nais nilang gawin. Kadalasan pa ay ginagawa nilang lalagyan o sabitan ang ulap ng iba nilang kagamitan at mga bagay-bagay na magaan gaya ng suklay, kwintas, at iba pa. Noon din ay nagtatanim na at nag-aani na ng palay at iba pang pananim ang mga tao. Dangat ang mga kagamitan nila sa pag-aani ay halos ang kanilang mga bisig at kamay lamang. Ang iba naman ay kagamitang yari sa bato at kahoy gaya ng araro na ipinagbubungkal nila sa lupa at lusong na pinagbabayuhan nila ng palay kapag naani na ito upang maging bigas at kanilang maisaing. Kalimitan ang mga tao ay sabay-sabay kung mag-ani. Matapos nilang anihin ang palay, ito’y kanilang babayuhin para maging bigas. Laging nagbabayo sa pamamagitan ng lusong at halo. Ang lusong na ito ay yari sa bato o kahoy na pabilog at sa gawing gitnang ibabaw nito ay may butas, kung saan inilalagay ang palay para bayuhin sa pamamagitan ng halo. Sa tuwi raw itinataas nila ang halo ay laging tinatamaan ang ulap ng langit. Parati na lamang ganito sa tuwing mag-aani ang mga tao noon. Napansin na lamang nila nang mga ilang araw, ang ulap ay unti-unti nang tumaas, hanggang sa naging napakataas. Napaghinuha ng mga taong marahil iyon ay dahilan sa kanilang ginagawang pagbabayo na parang nasaktan ito at nagalit kaya tumaas nang halos wala nang makaabot. Napansin na lamang nila na kapag gabi at nakalitaw ang mga bituin ay may hugis kwintas, suklay, at iba pa. Naisip nilang iyon ang mga bagay na isinabit o inilagay nila sa ulap noong ito ay mababa pa.

Anyo: _____

3. Walang Malaking Nakapupuwing

Sa lumang simbahan, may nakatirang isang maya. Ito’y malayo sa kabayanan. Ang pugad niya’y nababalot ng tuyong dahon at dayami. Walang sinumang nakagagalaw nito sapagkat halos nasa tuktok na ito ng kampanaryo. Kasama niya rito ang dalawang inakay.

Minsan sa paghahanap ng pagkain ay nakasalubong niya si Kalapati. “Maghahanap ako ng pagkain baka nagugutom ang mga anak ko,” sabi ni Maya.

Niyaya ni Kalapati si Maya upang mamasyal sa may palayan at tiyak daw na mayroong makukuhang pagkain doon.

“Kailangang makapitas ako ng marami para masiyahan naman ang aking mga anak,” dagdag pa ni Maya.

“Mabubuhay mo kaya sila ngayong wala na ang iyong asawa?” tanong ni Kalapati.

“Kaya ko silang buhayin!” pagmamalaking tugon ni Maya.

At mabilis nang nagpatuloy sa paglipad si Maya. Naiwan si Kalapating ngingiti-ngiti.

Dumating si Loro. “Mukhang panay ang drama mo at nag-iisa ka na naman?”

“May naiisip lamang ako. Sino ang higit na makagagawa ng bagay na maipagmamalaki sa ating lipunan, ang isang Maya o ang mga tulad nating malalakas, malalaki, at matatalino?” tanong ni Kalapati.

“Ano naman ang magagawa ng Maya? Higit tayong makabuluhan!” pagyayabang ni Loro.

Nawili sa pagkukuwento ang dalawa kaya hindi namalayan ang pagdilim ng langit. Isang malakas na ulan ang bumagsak at nabasa sila nang husto. Halos hindi magamit ang kanilang mga pakpak. Anupa’t gabi na nang sapitin ni Kalapati ang kanyang tirahan. Gayon na lamang ang kanyang gulat nang makita niya ang bunsong inakay na patay na dahil nadaganan ng tabla na nalaglag mula sa nagibang bahay. Nabalitaan ni Maya ang nangyari at dumalaw ito.

“Patawarin mo ako!” ang sabi ni Kalapati. “Ang akala ko, ang malalaki ang higit na nakaaalam sa anumang bagay.”

Ang mukha ni Maya ay may halong lungkot at saya. “Nakatutuwa naman at ikaw na rin ang nakatuklas ng iyong pagkakamali. Alam mo may dahilan si Bathala sa paglalang sa ating lahat, malaki man o pangit, maganda man o maliit, lahat tayo ay may kani-kaniyang ginagampanan dito sa mundong ibabaw. Kung tayo ay magkakatulungan, higit tayong maging makabuluhan.”

Anyo: _____

4. Ang Dakilang Piging

Isang mayaman ang naghanda ng isang dakilang piging. Marami siyang inanyayahang mga panauhin. Sa oras ng piging, sinugo niya ang kanyang utusan na puntahan ang mga inanyayahan at sabihing “Pumunta na sila at handa na ang lahat.”

Ngunit pare-pareho silang lahat na nagsimulang gumawa ng mga dahilan.

“Kabibili ko lang ng limang pansakang baka. Pupuntahan ko para subukin ang mga ito. Paumanhin na kamo ako,” ang sabi ng una.

“Kabibili ko lang ng bukid. Kailangan kong puntahan at tingnan iyon. Pagpaumanhin na kamo ako,” ang habilin naman ng isa pa.

“Kakakasal ko lang. Hindi ako makapupunta,” ang tanggi pa ng isa.

Bumalik sa pinaninilbihan ang utusan at iniulat ang mga ito sa kanyang amo. Nagalit ang may papiging. Inutusan uli ang katulong. “Madali ka... lumabas ka sa mga lansangan at mga eskinita sa bayan. Dalhin mo rito ang mga mahihirap, ang mga lumpo, ang mga bulag, at ang mga pilay.”

“Ginoo,” wika ng katulong, “natupad na po ang iniutos ninyo, pero maluwag pa po.”

“Lumabas ka uli sa mga kalsada at sa mga daang-bukid. Papuntahin mo rito ang bawat makita mong naglalakad para mapuno ang bahay.” Madali pang utos ng amo sa utusan. “Sinasabi ko sa ‘yo, walang sinuman sa mga taong kinumbida ang makatitikim sa piging.” (Lukas 14:15-25. Isina-Filipino ni Joey A. Arrogante.)

Anyo: _____

5. Ang Mahiwagang Lampara

Noong unang panahon sa kagubatan ng Tabor, may tatlong manlalakbay. Patungo silang Melbar. Doon sila pansamantalang magtatrabaho para may maipantawid gutom ang kani-kaniyang pamilya. Lakad sila nang lakad. Wala silang kamalay-malay na naliligaw na pala sila. Dahil sa kalawakan at kasukalan ng gubat, hindi na nila natatandaan ang daan patungo sa paroroonan nila. Sa paghahahanap nila sa daan, may nakita silang lampara.

“Pwede nating gawing ilawan ito mamayang gabi,” sabi ng isa.

Nilinis nila ang lampara. Pinagkakaskas nila ito. Sa ‘di inaasahang pangyayari, may biglang lumitaw na isang higitang usok. Nag-anyo itong malaking-malaking tao. Bilang pasasalamat sa kanyang paglaya, pinangakuan sila nito ng gantimpala – tig-iisang kahilingan. Hiniling ng una na siya’y makabalik sa kanila na marami ang dalang pera. Ito’y agad na natupad. Ang pangalawa naman ay humiling para sa kanyang pamilya ng

masaganang bahay at buhay. Ito'y natupad din. Ang pangatlo ay biglang nalungkot dahil nag-iisa na lamang siya sa gubat. Ano ang hihilingin niya para maging masaya siya muli?


Sagot: Ibalik ang kanyang mga kasama.

Anyo: _____

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48. Kung tamang lahat ang iyong mga sagot, magaling! Kung may mga mali, basahing muli ang aralin at subukang sagutin uli ang mga tanong. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng modyul.

Mga Anyong Patuluyan Pa Rin at Mga Anyong Patanghal

Ngayon naman ay pag-aaralan mo ang tungkol sa nobela at sanaysay. Ang mga ito ay bahagi ng panitikang Filipino na may anyong patuluyan. Pag-aaralan mo rin ang anyong patanghal.



Alamin Natin

Ang nobela ay isang masining na sangay ng panitikan na naglalahad o naglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa buhay na umiikot ayon na rin sa mga karanasan ng tao sa kanyang sarili at sa kanyang kapaligiran.

Ito'y tinatawag na *kathangbuhay* sa dahilang *katha* o likha ito ng manunulat at *buhay* sapagkat ang mga kasaysayang inilalahad ay mga pangyayaring mamamasdan sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao sa mundo. Sa nobela matutunghayan ang iba't ibang takbo ng buhay ng tao, halimbawa, kung papaano nabaliw ang isang ina dahil sa pagkawala ng kanyang anak, kung papaano, sinuong ang hirap ng buhay sa lunsod ng isang probinsyano para hanapin ang kanyang pinakamamahal, at iba pa.

Sa nobela, maraming pangyayari ang inilalahad, samantalang sa maikling kuwento, iisang pangyayari lamang ang inilalahad. Pero ang mga bahagi, sangkap o elemento ng nobela at maikling kuwento ay magkatulad. Parehong may balangkas ang maikling kuwento at nobela. Dalawa ang maaaring maging balangkas. Ito ay ang linear o kumbensyonal at circular o paikot-ikot.

Ang maikling kuwento o nobela ay may linear o kumbensyonal na balangkas kung ito ay may kaayusang Simula-Gitna-Wakas. Ito ang karaniwang nakagawian ng mga Filipinong manunulat. Sa balangkas na ito, kapag nabasa mo na ang simula, ang wakas ay kadalasa'y madali nang mahulaan.

Circular naman o paikut-ikot ang balangkas ng isang kuwento o nobela kung napag-iiba-iba ang kaayusan ng mga bahagi nito. Halimbawa, Gitna-Simula-Wakas o kaya'y Wakas-Simula-Gitna, o iba pang ayos. Sa kaayusang ito, kung hindi gaano bihasa ang mambabasa, malilito siya sapagkat hindi niya malaman kung saan ang umpisa at dulo ng pangyayari.

Ang isang nobela ay may mga katangiang dapat taglayin. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Maliwanag at maayos na pagsulat ng mga tagpo at kaisipan.
2. Pagsaalang-alang ang kailangan na kaasalan.

3. Dapat ay kawili-wili at pumupukaw ito ng damdamin.
4. Pumupuna sa lahat ng larangan sa buhay, sa mga aspekto ng lipunan tulad ng gobyerno at relihiyon.
5. Malikhain ito't dapat maging maguniguning inilalahad.
6. Tumutukoy sa iisang ibig mangyari ang balangkas ng mga pangyayari.

Mga Uri ng Nobela

Ang mga uri ng nobela ay tulad din sa mga uri ng maikling kuwento. Ito ay ang sumusunod: nobela ng tauhan, nobelang makabanghay, nobelang maromansa, nobelang historikal, nobelang malayunin, at nobelang masining.

Sa nobela ng tauhan, binibigyang-diin ang mga pangangailangan, kalagayan, at hangarin ng mga tauhan.

Sa nobelang makabanghay, ang nangingibabaw ay ang pagkakabalangkas ng mga pangyayari o ang porma ng pagkakalahad ng kuwento.

Historikal o makasaysayan naman ang nobela kung ang layunin ng may-akda bukod sa pag-uulat ng mahahalagang pangyayaring may kinalaman sa kasaysayan, ito'y mapanuro ng kabutihang pambansa.

Masining ang nobela kung mahusay ang pagkakahanay ng mga pangyayari, buo ang pagkalarawan sa mga pagkatao ng mga tauhan na karaniwang umaantig sa damdamin at kumikintal sa isipan ng mga mambabasa. Magagaling ang mga nobelang nabibilang sa uring ito sapagkat hindi lamang ang paksa ang binibigyang-tangi, gayundin ang kawalang-hanggan nito.

Malayunin ang nobela kung ang pinakamimithing layunin o simulain ng nobelista ang pinahalagahan o pinangingibabaw sa kuwento o sa tauhan. Ang mga layuning ito ay higit sa buhay na kinalalagyan o sa bansang kinamumulan.



Magbalik-aral Tayo


Sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang kaibahan ng nobela sa maikling kuwento?

2. Saan magkapareho ang maikling kuwento at nobela?

3. Anu-ano ang mga uri ng nobela?

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 48. Kung tamang lahat ang iyong sagot, magaling. Ipagpatuloy ang pagbasa ng modyul.



Alamin Natin

Ang sanaysay

Ang sanaysay ay isang uri ng panitikan na nasusulat sa anyong tuluyan na karaniwang pumapaksa tungkol sa mga kaisipan at mga bagay-bagay na sadyang kinapupulutan ng aral at aliw ng mga mambabasa. Kasama sa mga paksang naisusulat sa sanaysay ang mga panlasa at hilig, reaksiyon at palagay, saloobin at paniniwala, kalagayan at katauhan, karanasan at kaalaman ng bawat may akda.

Sa uring ito ng panitikan, mabibilang ang mga sulating pampahayagan (artikulo, natatanging pilak o lathalain, tudling); ang mga akdang pandalub-aral (tesis, disertasyon, diskurso o talumpati); at gayun din ang mga panunuring pampanitikan at mga akdang pananaliksik.

May dalawang uri ang sanaysay: pormal at pamilyar o personal.

Ang sanaysay ay nasa uring pormal kung ito ay maimpormasyon. Ito ay naghahatid o nagbibigay ng mahahalagang kaisipan o kaalaman sa pamamagitan ng makaagham at lohikal na pagsasaayos ng mga materyales tungkol sa ikalilina ng paksang tinatalakay. Ang mga salitang ginagamit ay pinipili kaya mabigat basahin. Mapitagan ang tono dahil sa bukod sa ikatlong panauhan ang pananaw ay obhektibo o di-kumikiling sa damdamin ng may-akda. Ang tema nito ay seryoso, maintelektuwal at walang halong pagbibiro.

Ang sanaysay ay nasa pamilyar o personal na anyo kung ito ay mapang-aliw – nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksaing karaniwan, pang-araw-araw at personal. Ididiin dito ang mga bagay-bagay, mga karanasan at mga isyung bukod sa kababakasan ng personalidad ng may-akda ay maaaring kasangkutan ng mambabasang madla. Ang pananalita ay magaan, madaling maintindihan, nahahaluan pa minsan ng kolokyal. Ang tono ng pananalita ay parang kaibigan lamang at ito’y ginagamitan ng unang panauhan. Subhektibo rin ito sapagkat pumapanig sa damdamin at paniniwala ng may-akda ang pananaw.

May mga katangiang dapat taglay ng isang mananaysay. Ito ay ang mga sumusunod:

1. may mabilis na utak
2. sensitibo sa kapaligiran
3. may laging tugon at hinuha sa interes ng buhay, ng tao, at ng mga bagay-bagay

4. may kakayahang manuklas ng mga bagay-bagay na hindi nakikita ang panlabas lamang
5. malikhain at orihinal sa isip at damdamin
6. may mapiling panlasa
7. may kalugurang mapagkakatiwalaan
8. may kabatiran sa mga kaalamang makabago hinggil sa makataong kapakanan
9. pamilyar sa mga mabubuting panitikan at iba pang sining



Makinig Tayo

Para sa iyong kaalaman, pakinggan sa tape ang isang halimbawa ng sanaysay. Ito ay bahagi ng talupati ni Debbie Valencia, isang kasapi ng Women's Committee of Migrants' Forum of the European Union, na binigkas niya noong Marso 1998 sa Barcelona, Espanya bilang pagkilala sa Araw ng mga Kababaihan.

Naunawaan ba ninyo ang talumpati na inyong napakinggan? Kung ganoon, mabuti.

Mga Anyong Patanghal

Sa panahon natin ngayon ay mga anyong patanghal ay sadya nang nililikha at pinagsasanayan muna bago itanghal sa mga lehitomong dulaan o treatro o tanghalan. Maaari itong itanghal na patula ang diyalogo subalit upang maging katotohanan ang panggagaya sa buhay, karaniwan nang naging anyong patuluyan ang diyalogo. Ito ay para maging tapat sa pang-araw-araw na pamilyar o pormal ang usapan sa loob ng sitwasyon. Maaari ring lagyan ang mga bahagi nito ng awitan at sayawan tulad ng sarsuwela, o kaya nama'y maaari pa ring ipantomina gaya ng mga pagtatanghal na isinasagawa ng PETA (Philippine Educational Theater Association).



Makinig Tayo

Bagamat ang anyong patanghal ay kailangang panonoorin sa entablado o tanghalan, pakinggan na lang natin ang isang halimbawa ng anyong patanghal na pinamagatang "Ninos Inocentes" isang dula-dulaang pamasko na sinulat ni Helen Arce noong 1988. Habang tayoy nakikinig, palawakin natin ang ating imahinasyon at isiping pinapanood natin sa entablo ang pangyayaari.

Nasiyahan ka ba sa iyong pakikinig? Kung ganoon, mabuti.



Tandaan Natin

- ◆ Ang nobela ay panitikang anyong patuluyan na naglalahad o naglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa buhay na umiikot ayon na rin sa mga karanasan ng tao sa kanyang sarili at sa kanyang kapaligiran.
- ◆ Ang nobela at maikling kuwento ay magkapareho, nagkaiba lamang sa dami ng pangyayaring nilalahad. Sa maikling kuwento, iisang pangyayari lamang ang inilalahad, samantalang sa nobela, maraming pangyayari ang inilalahad.
- ◆ Ang sanaysay ay isang uri ng panitikang patuluyan na pumapaksa sa mga kaisipan at mga bagay-bagay na sadyang pakapulutan ng aral at aliw ng mambabasa. Kasama sa sanaysay ang mga sulating pahayagan, artikulo, natatanging pilak o lathalain, tesis, disertasyon, talumpati, mapanuring pampanitikan, at akdang pananaliksik.
- ◆ Ang sanaysay ay maaaring pormal at pamilyar o personal.
- ◆ Ang anyong pormal ay maimpormasyon, ang salitang ginagamit ay pinipili, ang modo ay seryoso, maintelektuwal at walang halong biro.
- ◆ Ang anyong personal o pamilyar ay mapang-aliw at nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksaing karaniwan, pang-araw-araw at personal. Ang pananalita ay magaan, madaling maintindihan at parang kaibigan lamang sapagkat ginagamitan ng unang panauhan.
- ◆ Ang anyong patanghal ay maaaring nasa anyong patula o patuluyan ang mga diyalogo. Ang panitikan sa patanghal na kaanyuan ay hindi naging ganap hangga't hindi ipinapalabas o isinasagawa sa tanghalan o dulaan.



Magbalik-Aral Tayo

Sagutin ang sumusunod:

1. Magbigay ng apat na halibawa ng sanaysay:

- a) _____
- b) _____
- c) _____
- d) _____

2. Magbigay ng tatlong katangian ng pormal o sersoyong sanaysay.

- a) _____
- b) _____
- c) _____

3. Magbigay ng tatlong katangian ng personal o pamilyar na sanaysay.
- a) _____
- b) _____
- c) _____
4. Magbigay ng limang katangian ng dapat taglayin ng isang magaling na mananaysay.
- a) _____
- b) _____
- c) _____
- d) _____
- e) _____

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* na nasa pp. 48–49. Kung tamang lahat ang iyong sagot, magaling. Kung hindi naman, basahing muli ang araling ito.

Ngayon, tapos mo nang basahin ang modyul. Para lalo mong maunawaan ang mga paksa sa modyul na ito, basahin ang susunod na maikling buod.



Ibuod Natin

Sa modyul na ito, napag-aralan mo ang mga sumusunod:

- ◆ Ang panitikang Filipino ay napapangkat sa dalawang paraan ng pag-uuri – ayon sa paghahalin at ayon sa anyo.
 - Batay sa paghahalin, ang panitikan ay pasalindila kung ito ay napaghalin-halin sa pamamagitan ng bibig o dila. Ito’y nangyari noong unang pahanong wala pang sistema ng pagsusulat.
 - Ang paghahalin ay naging pasalinsulat simula nang matuto na ng alphabeto ang ating mga ninuno. Unang isinulat nila ang mga panitikang Filipino sa mga balabak ng kahoy at mga dahun-dahon nito. Nang dumating ang mga Espanyol, dala nila ang imprenta at naitala ang ilan sa mga panitikan ngunit ang karamihan ay tuluyan nang nakalimutan.
 - Sa makabagong panahon ngayon at dahil sa pag-unlad ng kagamitang elektroniko, ang paraan ng paghahalin ng panitikan ay unit-unting nababago sa pamamagitan ng mga tape rekorder, VHS tape, at disk sa komputer. Maaaring tawagin ang paraan ng paghahalin na ito na pasalintroniko.

- ◆ Ayon sa anyo, ang panitikan ay may tatlong uri. Ito ay ang patula, patuluyan at patanghal.
 - Ang panitikan ay nasa anyong patula kung ito ay saknungan na ang bawat taludturan ay maaaring may bilang o sukat ang mga pantig at magkasintunog o magkatugma ang pantig sa hulihan. Ang anyong patula ay maaari rin namang maging malaya at wala ang mga katangiang unang nabanggit.
 - Nasa anyong patuluyan naman ang panitikan kung ito ay patalata sa halip na pataludtod ang porma at ang mga salitang gamit ay pangkaraniwan lamang o sa pang-araw-araw na takbo.
 - Ang panitikan ay patanghal kung ito’y isinasadula at ipinapalabas sa tanghalan o dulaan. Salitaan ang pagkakasatitik nito at ito’y may mga yugto na binubuo ng tagpo.
- ◆ Ang mga anyong patula ay may apat na uri: tulang pasalaysay; tulang paawit o liriko; tulang dula o pantanghalan; at tulang patnigan.
 - Ang mga uri ng tulang pasalaysay ay epiko, awit at kurido, at balad;
 - Ang mga uri ng tulang paawit o liriko ay awiting bayan, soneto, elehiya, dalit, pastoral at oda;
 - Sa mga tulang dula o patanghal naman ay ang komedya, trahedya, parsa, saynete at melodrama;
 - Sa tulang patnigan naman ay ang karagatan, duplo at balagtasan.
- ◆ Ang anyong patuluyan ay isang uri ng panitikang Filipino. Ito ay inilalahad sa pangkaraniwan at pang-araw-araw na pananalita hindi kagaya ng anyong patula na ang daloy ng pinabubukal na kaisipan at damdamin ay madulas o tuluy-tuloy dahil may bilang ang pantig ng mga salitang sasabihin at kailangang magkasing-tunog ang mga dulo ng pantig. Sa anyong patuluyan, malaya kung lumabas sa bibig ang mga salita, madulas, mabilis dahil hindi na kailangan pang pagkaisipin o pakapiliin ang mga salita para pagandahin ang dating sa tenga. Madaling maintindihan at maunawaan ang mga pangyayaring inilalahad sa anyong patuluyan.
- ◆ Ang nobela ay panitikang anyong patuluyan na naglalahad o naglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa buhay na umiikot ayon na rin sa mga karanasan ng tao sa kanyang sarili at sa kanyang kapaligiran.
- ◆ Ang nobela at maikling kuwento ay magkapareho, nagkaiba lamang sa dami ng pangyayaring nilalahad. Sa maikling kuwento, iisang pangyayari lamang ang inilalahad, samantalang sa nobela, maraming pangyayari ang inilalahad.
- ◆ Ang sanaysay ay isang uri ng panitikang patuluyan na pumapaksa sa mga kaisipan at mga bagay-bagay na sadyang kapupulutan ng aral at aliw ng mambabasa. Kasama sa sanaysay ang mga sulating pahayagan, artikulo,

natatanging pilak o lathalain, tesis, disertasyon, talumpati, mapanuring pampanitikan, at akdang pananaliksik.

- ◆ Ang sanaysay ay maaaring pormal o maanyo at pamilyar o personal.
- ◆ Ang anyong pormal ay maimpormasyon, ang salitang ginagamit ay pinipili, ang modo ay seryoso, maintelektuwal at walang halong biro.
- ◆ Ang anyong personal o pamilyar ay mapang-aliw at nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga paksaing karaniwan, pang-araw-araw at personal. Ang pananalita ay magaan, madaling maintindihan at parang kaibigan lamang sapagkat ginagamitan ng unang panauhan.



Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Basahin ang mga sumusunod na halimbawa ng mga anyo ng panitikang Filipino. Kilalanin mo ang anyo ng bawat isa. Isulat sa patlang ang inyong sagot.

1.

Ako'y Pilipino

Ako'y Pilipino. Sa isang lupang tahimik at sagana ay kumita ako ng unang liwanag. Ang pinagmulan ko ay matandang salin ng mga unang lipi. Ang nuno ng aking mga nuno ay katulad ng ibang nilikhang isinilang na may taglay na sarili: may sariling datung iginagalang sa barangay; may sariling anitong sinasamba sa pananampalataya; may sariling lipunan, sining, kaugalian, at paniniwala. May sariling pamumuhay at sila'y nakikipagkalakalan sa Hapon, Tsina, at sa mga pulong Malaya. Anupa't ako'y nagising sa kariwasaan, sa kapayapaan.

Anyo: _____

2.

Ang Laki sa Layaw ni Francisco Baltazar

Pag-ibig anaki'y aking nakilala,
Di dapat palakhin ang bata sa saya;
At sa katuwaa'y kapag namihasa,
Kung lumaki'y walang hihinting ginhawa.

Sapagka't ang mundo'y bayan ng hinagpis,
Mamamaya'y sukat tibayan ang dibdib;
Lumaki sa tuwa'y walang pagtitiis....
Ano'ng ilalaban sa dahas ng sakit?

Anyo: _____

3.

Tradisyon

Ang pagsang-ayon ng kanyang ama sa hangarin ng mga bagong dating ang siyang nagbunsod sa kanya para lumaban, sa kauna-unahang pagkakataon.

“Intindihin n’yo sana ‘ko, ama, ang aking panig. Hindi nagiging matatag ang pagsasamang sapilitan ang pagkakabuo.”

Ang mga mata ng kanyang ama ay waring nagbabaga na.

“Lapastangan!” bulyaw nito at nahagip nang makakapal na palad ang kanyang pisngi. “Huwag mo kaming ilalagay sa kahihyan. Ito’ng tandaan mo, hindi mo mababali ang kaugaliang simula’t sapul ay ipinagalang na ng ating lipi. Ang kasunduan ay kasunduan. Walang sinumang makakatinag. Tandaan mo ‘yan!”

Ang salita ng kanyang ama ay makapangyarihan, hindi bilang haligi ng tahanan, kundi bilang isang matatag ng Datu ng Balangay. Gusto niyang ipaglaban ang kanyang karapatan.

Subalit namagitan ang kanyang ina. Niyakap at inilayo siya.

Anyo: _____

4.

Mirindal

Ika nga’y tumaba sa lamig at hrap,
Nakaluklok sa ilalim ng pergolang karton at yerong bulok,
Pinahinog ng mga tanghaling tapat,
Pinag-uban ng walang patawad na alikabok,
Ilan taon ko na siyang dinudungaw:
Kapiling ang mga nilagang mane, papaya’t lakatang
Di man makaakit sa maselang bangaw,
Gaya niyang laging nasa kapanahunan.
Iisang kimona ang bestido seremonyal
Parang sultanang buong tikas na pinamamayanihan
Ang lumalatag niyang katabaan.

Anyo: _____

5.

Karagatan

Dalaga: “Ikaw nga ang unang napili ng Diyos
Sumisid sa singsing na aking hinulog
Subalit hindi upang siyang maging irog
Kundi idaan lang muna sa pagsubok.”

“Kaya’t sisirin mo ang tanong kong ito
At singsing kong ito ay nang maangkin mo
Sa singsing na linao at walang pabato
Turan mong simula at ang dulot nito.”

Binata: “Karagatang ito’y kahit na malalim
Pangangahasan kong aking lulusungin
Hustong bait ninyo ang titimbulanin
Na inaasahang sasagip sa akin.”

“Karagatan ito’y oo nga’t mababaw
Mahirap lusungin nang hindi maalam
Kaya kung sakaling ako’y masawi man
Kamay mong isasagip yaong hinihintay.”

Anyo: _____

Ihambing mo ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 49. Kung tamang lahat ang mga sagot mo, magaling. Kung hindi naman, basahing muli ang mga bahaging hindi mo naunawaang mabuti. Sa pangalawang pagbabasa mo, tiyak maging malinaw na sa iyo ang mga paksa ng modyul na ito.



Batayan sa Pagwawasto

A. Anu-ano na ang mga alam mo? (pp. 1–5)

- I.
 1. Ang dalawang paraan ng pag-uuri ng panitikang Filipino ay
 - a) ayon sa paghahalin
 - b) ayon sa anyo
 2. Ayon sa anyo, ang panitikan ay nahahati sa tatlong uri. Ito ay ang:
 - a) anyong patula
 - b) anyong patuluyan
 - k) anyong tanghalan
- II.
 1. a) tula
 2. c) nobela
 3. c) pabula
 4. a) Noli Me Tangere
 - 5) a) sanaysay
- III.
 - 1) anyo: tula
 - 2) anyo: awiting bayan
 - 3) maikling kuwento
 - 4) sanaysay
 - 5) dula

B. Aralin 1

Subukan Natin Ito (pahina 7)

1. pasalindila
(Ang mga susunod ay halimbawang sagot lamang. Kung naiiba ang iyong sagot, ipakita ito sa inyong Instructional Manager).
2. Ang mga Kastila ang nagdala ng imprenta dito sa ating bansa. Ang imprenta ay mahalaga sa ating panitikan dahil sa pamamagitan ng paglilimbag, ang ating panitikan ay napaparami at madaling naisasalin sa iba't ibang henerasyon.
3. Sa kasalukuyang panahon, iba't ibang paraan ng paghahalin ang nagagamit. Ang mga ito'y sa pamamagitan ng mga tape recorder,

video compact disk at computer disk. Makabubuti rin ito dahil sa mas madaling maparami ang ating panitikan at mas matagal masira, subalit nakasasama rin ito sa dahilang hindi natin gaanong magagamit ang ating kakayahan sa pagbabasa.

Subukan Natin Ito (pahina 8)

1. Ang tatlong uri ng panitikan ayon sa anyo ay:

- a. patula
- b. patuluyan
- c. patanghal

2. Ang kanilang pagkakaiba:

Ang anyong patula ay saknungan na ang bawat taludturan ay maaaring may bilang o sukat at ang mga pantig ay magkakasintunog o may mga magkakatatugmang pantig sa hulihan. Maaari rin namang itong maging malaya at mawala ang pantig na magkasintunog sa hulihan at ganoon din ang bilang o sukat ng taludturan.

Ang anyong patuluyan naman ay tulad lamang sa pang-araw-araw na takbo ng pagsasalita o mga kaisipan ang paglalahad. Sa halip na pasaknong ang mga taludtod, ito ay patalata.

Ang panitikan ay nasa anyong patanghal kung ito'y isinasadula sa entablado, sa treatro o sa daan o saanman. Ito'y maaaring patula o patuluyan, dahil ang diyalogo nito ay nasusulat sa alinman sa dalawang anyo ng panitikan.

Alamin Natin ang Iyong nga Natutuhan (pp. 9–10)

1. pasalindila
2. balabak
3. Kastila
4. Pasalinsulat
5. Pasalintroniko
6. patuluyan
7. patanghal
8. patula
9. patuluyan
10. patanghal

C. Aralin 2


Magbalik-aral Tayo (pahina 19)

1. g
2. a
3. e
4. d
5. c
6. b

Alamin Natin ang Iyong Natutunan (pp. 20–21)

1. Ang mga sumusunod ang mga uri ng anyong patula at ang iba pang mga uri sa bawat anyo nito.
 - a) tulang pasalaysay – ito ay naglalarawan ng mga tagpo o pangyayaring mahahalaga sa buhay. Ito ay may tatlong uri: epiko, awit at kurido, at balad.
 - b) tulang paawit at kurido ay may iba’t ibang uri rin. Ito ay ang awiting bayan, soneto, elehiya, dalit, pastoral, at oda.
 - c) tulang dula o pantanghalan ay may limang uri – komedya, melodrama, trahedya, parsa, at saynete
 - d) tulang patnigan ay may tatlong uri – karagatan, duplo at balagtasan.
2. Ang tulang pasalaysay ay may tatlong uri. Ito ay ang epiko, awit at kurido, at balad. Ang epiko ay mahabang tula na inaawit o binibigkas at nauukol ito sa kababalaghan at pagtatagumpay ng pangunahing tauhan laban sa mga panganib at hamong kanyang nahaharap. Ang paksa sa awit at kurido ay tungkol naman sa pagkamagino at pakikipagsapalaran ng mga pangunahing tauhang reyna’t hari o prinsipe at prinsesa. Ang balad naman ay tualng inaawit habang may nagsasayaw. Mayroon itong anim hanggang walong pantig. Isang halimbawa nito ay ang balitaw.

- 3.



D. Aralin 3

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 30–34)

1. pabula
2. alamat
3. pabula
4. parabola
5. palaisipan

E. Aralin 4

Magbalik-aral Tayo (pp. 36–37)

1. Ang kaibahan ng nobela sa maikling kuwento ay sa dami ng pangyayaring inilalahad. Sa maikling kuwento, isang pangyayari lamang ang inilalahad, samantalang sa nobela, maraming pangyayari ang inilalahad.
2. Sa lahat ng katangian, magkapareho na sila. Pareho silang may balangkas, may simula, gitna, at wakas.
3. Ang mga uri ng nobela ay nobela ng tauhan, nobelang makabanghay, nobelang historikal o makasaysayan, nobelang malayunin, at nobelang masining.

Magbalik-aral Tayo (pp. 39–40)

1. Halimbawa ng sanaysay:
 - sulating pampahayagan: artikulo, natatanging pilak o lathalain, tudling
 - akdang pandalub-aral: tesis, disertasyon, diskuro o talumpati
 - pamanuring pampanitikan
 - akdang pananaliksik
2. Katangian ng pormal o seryosong sanaysay:
 - maimpormasyon
 - naghahatid o nagbibigay ng mahahalagang kaisipan o kaalaman sa pamamagitan ng maagham at lohikal na pagsasaayos ng mga materyales tungo sa ikalilinaw ng paksang tinatalakay
 - mga salitang ginagamit ay piling-pili
 - ikatlong panauhan ang pananaw na ginagamit
 - obhektibo o walang kinikilingan ang may-akda
 - ang modo ay seryoso, maintelektwal at walang halong biro

3. Katangian ng pamilyar o personal na sanaysay
 - mapang-aliw
 - ang pananalita ay magaan at madaling maintindihan
 - ang tono ng pananalita ay parang kaibigan lamang dahil sa ang ginagamit na pananaw ng may-akda ay unang panauhan
 - subhektibo at may pinapanigang damdamin o paniniwala ang may akda
4. Katangiang dapat taglayin ng isang magaling na manananaysay
 - may mabilis na utak
 - sensitibo sa kapaligiran
 - laging may tugon o hinuha sa interes ng buhay, tao, at mga bagay-bagay
 - may kakayahang manuklas ng mga bagay-bagay at hindi nakikita ang panlabas lamang
 - malikhain at orihinal sa isip at damdamin
 - may mapiling panlasa
 - mapagkakatiwalaan
 - may kabatiran sa mga kaalamang makabago hinggil sa makataong kapakanan
 - pamilyar sa mga mabubuting panitikan at iba pang sining

F. Anu-ano ang mga Natutunan Mo? (pp. 42–44)

1. Sanaysay – ito’y tungkol sa pagiging Pilipino at ang pinagmulan nito
2. tulang pasalaysay –awit – Ito’y tungkol sa pagpapalaki sa bata. Kung ang bata raw ay pinalaki sa layaw, hindi ito lalaking may responsibilidad. Kaunting hirap lang ay susuko na ito.
3. maikling katha – Ito’y ay tungkol sa tradisyong gusto na sanang suwayin ng pangunahing tauhan.
4. Tulang liriko – elehiya – Ito ay tungkol sa isang maggiginatan at ang paghihintay ng may-akda sa dala nitong mga mirindal tuwing alas tres ng hapon
5. tulang patnigan – karagatan – Ipinasisid ng dalaga ang kanyang sinsing na inihulog sa karagatan. Ang binata naman ay handang suungin ang panganib upang makuha ang sinsing at ang matamis na oo ng dalaga



Mga Sanggunian

- Ang Tulang Bayan. Available online at <<http://www2.hawaii.edu/~ffloresc/Angkas~1.htm>>. December 18, 2000, date accessed.
- Aragon, Gomer V. *Welcome to Atbp*. Available online at <<http://atbp.tripod.com/atb/kw3.html>>. December 29, 2000, date accessed.
- Arrogante, Jose A., Dizon, Erlinda M. Maglaqui, Eriberta T., at Dela Cruz-Fregil, Edna. *Panitikang Filipino: Pampanahong Elektronik, Binagong Edisyon*. Mandaluyong City: National Book Store, 1991.
- Diwang Kayumanggi. *My Treasury of Filipiniana*. Available online at <<http://www.geocities.com/TheTropics/Coast/7446/>>. December 19, 2000, date accessed.
- Fernandez, Steven Prince “Patrick” C. (Tibo). Available online at <<http://www.msuiit.edu.ph/ipag/director.html>>.
- Festival of Philippine Arts and Culture. *Philippine Oral Traditions*. Available online at <<http://www.vconline.org/fpac/verbal.htm>>. December 18, 2000, date accessed.
- First etext edition of *Florante at Laura* prepared by: May Lim (mtlim@usa.net) and Arlene Lim (arlenelim@hotmail.com). Available online at <<http://www.geocities.com/Athens/Parthenon/8075florante.txt>>. December 14, 2000, date accessed.
- Mateo, Renato R. and Osabel, J.C. *Gabay sa Panitikang Filipino: Para sa Mag-aaral, Ikalawang Aklat*, Tondo: Arenar Books Marketing, 1996.
- Mga Pabula ni Aesop. Available online at <http://www.seasite.niu.edu/Tagalog/Tagalog%20for%20Kids/mga_pabula_ni_Aesop.htm>. December 27, 2000, date accessed
- Pulmano, Rafael A. *Ang Bagong Bayani*. Available online at <http://www.maxpages.com/bagongbayani/Balagtasana_2>.
- Santiago, Erlinda M., Kahayon, Alicia H., at Limdico, Magdalena P. *Panitikang Filipino: Kasaysayan at Pag-unlad*. Mandaluyong City: National Book Store, 1989.
- Valencia, Debbi. *Filipina: Kahapon, Ngayon at Bukas*. Available online at <<http://www.serconet.com/sheils/speech.htm#FILIPINA>>. January 08, 2001, date accessed.

